

# Mobility Parking Scheme (MPS)

## Individual and Temporary Permits - Conditions of use and Parking concessions

### Pag-displey ng iyong permiso

Mula Setyembre 2010, ang mga permiso sa paradahan ng may-kapansanan na ipinalabas ng RTA ay nahahati sa dalawa: isang permiso para sa Paradahan ng May-kapansanan sa Australya at isang permiso para sa Iskema sa Paradahan ng mga Gamit sa Pagkilos. Upang mabigyang-bisa ang permiso para sa Paradahan ng May-kapansanan sa Australya, ang permiso para sa Iskema sa Paradahan ng mga Gamit sa Pagkilos ay kailangang nakapaloob sa plastik na lalagyan.

Sa kabutihang-loob, ang RTA ay maaaring magbigay ng pansupsop upang kumapit ang permiso sa salamin ng sasakyan. Hindi kinakailangang ito ang gamitin mo at maaari kang gumamit ng ibang paraan o aparato na hindi magkukubli sa mga detalye ng permiso o ng paningin ng nagmamaneho.

Kung pinili mong gamitin ang pansupsop, pinapayo ng pabrikante na mas magiging mabisa ang pansupsop kung gagamitin sa malinis na salamin ng kotse. Inirerekomenda ang paggamit ng pamahid na alkohol dahil ang ilang panlinis ng bintana ay nag-iwan ng latak.

### Mga Kondisyon sa Paggamit

Ang paglalabas ng permiso ng MPS ay nakasalalay sa mga sumusunod na kundisyon – mabigat na parusa ang maaaring ipataw sa hindi pagtupad sa mga kundisyong ito:

- Ang permiso ay kailangan lamang naka-displey kung ang sasakyan ay ginagamit sa paghahatid sa taong nabigyan ng permiso. Hindi ito magagamit sa mga gawain para o sa pagbisita sa isang may-hawak ng permiso na hindi naman kasama sa biyahe ng sasakyan.
- Ang permiso ay kailangang naka-displey na hindi natatabingan sa kaliwang (pampasaherong) bahagi ng sasakyan sa salamin o anumang bintanta. Kung hindi ito praktikal, kailangan itong nakalagay sa lugar kung saan ang buong permiso ay makikita mula sa labas ng sasakyan. Ang mga bahaging may markang 'THIS SIDE UP' o 'Display this side' ('NAKATAAS ANG BAHAGING ITO' o 'I-displey ang bahaging ito') ay kailangan nakaharap sa labas. Ang permiso ay maaaring ikabit sa sasakyan sa anumang paraan basta't hindi natatakpan ang mga detalye ng permiso o ang paningin ng nagmamaneho habang umaandar ang sasakyan.
- Ang permiso ay kailangang ipakita kung nahilingan ng pulis o iba pang awtorisadong opisyal.
- Ang permiso ay magagamit hanggang sa petsa ng pagkawala ng saysay nito, maliban na lamang kung binawi ito.
- Ang permiso ay hindi na magagamit kapag ito ay nawalan na ng saysay. Kailangan itong panibaguhin at ang kasalukuyang permiso ay i-displey para sa mga konsesyon sa paradahan ng mga may-kapansanan.
- Ang permiso ay kailangang ibalik sa rehistro ng sasakyan sa pagkawala ng saysay nito, kung ito ay binawi ng RTA o kung ang may-hawak ng permiso ay hindi na karapat-dapat (halimbawa, kung hindi na dumaranas ng kapansanan na naging dahilan ng pagkakaroon ng permiso).
- Ang permiso ay hindi maaaring kopyahin, dungisan, ibahin o sirain.
- Ang permiso ay walang saysay kung kinopya, dinungisan o kaya ay iniba o kung isa o ilan sa mga detalye sa permiso (hal. ang numero ng permiso o petsa ng pagkawala ng saysay) ay hindi nababasa.
- Kung ang permiso ay ginagamit sa ibang Estado o Teritoryo, ito ay magagamit ayon sa mga umiiral na konsesyon sa paradahan.
- Ang permiso ay maaaring kumpiskahin ng isang awtorisadong opisyal at/o bawiin ng RTA dahil sa maling paggamit o paglabag sa alinman sa mga Kundisyon sa Paggamit.
- Ang permiso ay sumasailalim sa anupamang mga kundisyon na maaaring ipataw ng RTA.

### Mga konsesyon sa paradahan

Ang permiso ng MPS ay nagbibigay sa iyo ng karapatan na pumarada sa mga lugar na may marka ng simbolo para sa mga may-kapansanan. Ang permiso ay nagbibigay rin ng mga konsesyon sa paradahan sa ibang lugar:

- Walang babayaran kung pumarada sa mga paradahang may metro, kupon o tiket.
- Kung ang pagparada ay may takda na higit sa 30 minuto ayon sa karatula, ang sasakyan ay maaaring pumarada nang walang hangganang oras.
- Kung ang pagparada ay may takda na 30 minuto lamang ayon sa karatula, ang sasakyan ay maaaring pumarada nang 2 oras.
- Kung ang pagparada ay may takda na **kulang** sa 30 minuto lamang ayon sa karatula, ang sasakyan ay maaaring pumarada hanggang sa 30 minuto.
- Sa isang karatula na 'No Parking' (Bawal Pumarada), maaari kang pumarada hanggang 5 minuto, ang nagmamaneho ay kailangang manatili sa loob ng sasakyan o sa loob ng 3 metro mula sa sasakyan upang magbaba o magsakay ng mga pasahero o mga bagay.
- Ang lahat ng iba pang mga alituntunin sa pagparada ay ipatutupad.

**Tandaan:** Ang mga pasilidad sa paradahan na pag-aari ng mga kalakal ay may sariling batayan ng mga bayarin at singilin.

### Kailan magagamit ang mga konsesyon?

Ang mga konsesyon sa paradahan ay magagamit kung ang permiso ng MPS ay naka-displey sa sasakyan kung saan ito ay ginagamit sa paghahatid ng tao na binigyan ng permiso.

### Mga walang saysay na permiso ng MPS

Ang permiso ng MPS ay hindi magagamit kung ito ay wala nang saysay, binawi ng RTA o ang may-hawak ng permiso ay yumao na. Ang pag-displey ng permiso ng MPS na walang saysay ay maaaring magbunga ng pagkakaroon ng mabigat na multa.

### Pagbabago sa iyong Kalagayang Medikal

Kung ang iyong kalagayang medikal ay bumuti at hindi mo na kailangang gamitin ang permiso ng MPS, ipinag-uutos na ibalik ang iyong permiso ng MPS sa iyong pinakamalapit na rehistro ng sasakyan.

### Hotline

Ang pag-abuso ng MPS ay maaaring isumbong sa pamamagitan ng pagtawag sa 1300 884 899 o pag-email sa Customer\_Service\_Centre@rta.nsw.gov.au

### Translation Warning:

The English language version of these conditions is the sole authoritative version. The translation has been prepared as a courtesy and only the English language version should be relied upon. The English version can be found on the RMS Website.

### Babala sa Pagsasalin:

Ang bersyon ng mga kundisyong ito sa wikang Ingles ang siyang tanging bersyong awtorisado. Ang salin ay binuo bilang kagandahang-loob lang at ang bersyon sa wikang Ingles lamang ang dapat pagkatiwalaan. Ang bersyong Ingles ay mababasa sa RMS Website:

<http://www.rms.nsw.gov.au/roads/using-roads/mobility-parking/documents-forms.html>